

# Chapter One



“**J**rettie, if you don’t want to go, it’s okay. You can stay here. Hindi ako magtatagal. Magpapakita lang ako doon at uuwi na para may makasama ka.” Iyon ang sinabi ng ina niyang si Belle na noon ay abala sa paglalagay ng hikaw sa magkabilang tainga.

Napabuntong-hininga siya. Nakatayo siya malapit sa nakasarang pintuan na yari sa salamin habang nakatingin sa labas. “Nakapag-ayos na ako, Ma. Isa pa, invited rin ako.”

“Okay. I’m almost done here. At any time, darating na si Jan para sunduin tayo.”

Twenty-five years of marriage. Isang napakalaking okasyon ito para sa mag-asawang

Louie at Laurel na malalapit na kaibigan ng pamilya nila. Kung hindi lang ang mag-asawang dela Cerna ang magsi-celebrate, hindi siya pupunta. But they were like second parents to her. Mula noong mamatay ang tatay niya, si Louie na ang siyang nagsilbing ama sa kanya.

Mayamaya ay narinig nila ang doorbell kasunod ang pagtunog ng cellphone ni Belle. “Jan’s here. Let’s go,” aya nito. “Huwag natin siyang paghintayin.” Nauna na itong lumabas ng kuwarto.

Napabuntong-hiningang sumunod siya. Habang pababa ng hagdanan, hindi niya naiwasang kabahan. She was going to see him. And then what? What would happen? Pigil ang hininga, bumaba siya ng hagdanan. Dumerecho naman ang ina sa pinto at pinagbuksan ang bisita.

“Jan, hijo...” Nilapitan ni Belle ang lalaki at agad na hinagkan. “Thank you for waiting.”

“Wow, Tita. You look stunning,” nakangiting tugon nito. Lumingon ito sa kanya. “Hello, Prettie. Good evening. It’s nice to see you again.”

“N-nice seeing you, too,” sagot niya na hindi man lang ito matignan nang derecho sa mga mata.

“I’m glad you could make it. Tiyak na matutuwa sina Mama at Papa sa oras na makita ka.”

“Alam ko naman na importante sa kanila ang gabing ito. Isa pa, it was them who invited me. I couldn’t say no.”

“You’re gorgeous.” He looked at her from head to foot. Pagkatapos, tumitig ito sa kanyang mukha. “As always.”

Napaka-awkward ng sitwasyong iyon. Hindi malaman ni Prettie kung ano ba ang kailangan niyang gawin para kumbinsihin ang sarili na magiging maayos ang pagtatagpo nilang dalawa ni Jan. Pero bakit parang sumisikip ang dibdib niya? Not because she was feeling guilty for not keeping in touch with him for so long, kundi dahil sa mismong issue kung bakit niya iyon ginawa.

“Matutuwa nang husto sina Mama kapag nakita kayo, Tita,” sabi ni Jan habang nasa biyahe sila patungo sa lugar kung saan gaganapin ang party. “Nag-worry siya noong maramdaman niyang nagdadalawang-isip kayo.”

Nakatingin lamang si Prettie sa labas ng bintana habang nakikinig sa pag-uusap ng dalawang nasa front seat.

“Minsan lamang nangyayari ito. Ayaw ko rin namang magtampo ang mga magulang mo. Pero, hijo, ang totoo niyan, nakakahiya na humarap sa mga bisita ninyo.”

“Tita, kapamilya na namin kayo. There’s nothing to worry about. Hindi kumpleto ang selebrasyon kung wala kayo ni Prettie. Bahagi na kayo ng pamilyang ito at importante kayo sa amin.”

Limang taong gulang na siya noong lumipat sila rito sa San Nicolas. Nagkataon na ang nabiling bahay ng kanyang mga magulang ay katapat sa tahanan ng mga dela Cerna. Sa mga naging kabitbahay nila sa subdivision, ang mga ito ang unang nag-welcome sa kanila. Buhay pa noon ang kanyang ama at agad naging malapit na kaibigan ni Louie dela Cerna. Noon niya rin unang nakita at nakilala si Jan na tulad niya ay limang taong gulang din.

“I’m really glad you came, Prettie,” sabi nito.

Sinulyapan niya lamang ito. Lihim siyang napabuntong-hininga. Muli siyang tumingin sa labas ng bintana ng sasakyan. Way back then, they were doing fine. Kung naging maayos lang sana siya, may posibilidad kaya na hindi nagkaroon ng malaking agwat ang samahan nila?

*Matagal na iyon. Siguro nakalimutan niya na ang lahat.*

May apat na taon na rin ang nakaraan mula noon. Sa loob ng mga taong iyon ay wala silang naging komunikasyon ni Jan. Hindi naging maganda ang takbo ng buhay niya. Ang buong akala niya ay naging matagumpay na siya na kalimutan ito. Ang pagsikip ng dibdib niya nang makita ito ay patunay lamang na hindi pa rin niya nagagawang burahin ang binata sa puso't isipan niya.

“Alright, we’re here.” Matapos mai-park ni Jan ang kotse, dali-dali itong bumaba. Umikot ito sa harapan at tumapat sa pinto upang mapagbuksan si Belle.

“Salamat, hijo.”

Hindi na hinintay pa ni Prettie na gawin nito iyon sa kanya. Siya na mismo ang nagbukas ng pinto saka bumaba ng sasakyan.

“Tayo na sa loob?” Inilahad nito ang isang kamay kay Belle at ang isang kamay naman sa kanya para pareho silang maalalayan papasok sa hotel.

Napatingin siya rito. “I can go in by myself.” Nauna na siyang pumasok sa loob.

Pagpasok sa reception area ay naabutan

nilang napakarami na ng bisitang nandoon. Pigil ang hininga, inilibot niya ang paningin sa kabuoan ng lugar. Mukhang pinaghandaang mabuti ang okasyong ito, mula sa decorations and backdrop, table setting... overall, it's perfect. Ilan sa mga bisita ay kilala niya at may iba namang noon lang niya nakita.

“This is perfect,” nasambit ni Belle.

“Tayo na po kina Mama at Papa. Tiyak kanina pa kayo hinihintay ng mga iyon.” Agad silang dinala ni Jan sa kinaroroonan ng mga magulang nito.

“Ate Prettie!” Sa di-kalayuan ay nakita niya ang kapatid ni Jan na papalapit sa kanya. Agad siya nitong niyakap nang mahigpit. “You’re here!”

“Jamaica...” sambit niya. “It’s good to see you.”

Mula roon ay lumapit sa kanila ang mag-asawang Louie at Laurel. It had been years, pero parang walang nagbago sa dalawa. Sobrang na-miss niya ang mga ito. Mangiyak-ngiyak na niyakap niya isa-isa ang mga ito.

“Congratulations,” bati niya.

“Prettie, darling...” Ikinulong ni Laurel ang mukha niya sa mga palad nito. “It’s so nice to see you. Alam mo bang na-miss kita, anak?”

“Nag-alala kami ng tita mo na baka hindi ka

sisipot tonight,” sabi naman ni Louie.

“Mapapalampas ko ba ’to, eh, mahalagang okasyon ito para sa inyo.” Ngumiti siya. “I’m glad to be here.”

“Belle...” Ang ina niya naman ang sunod na niyakap ng ginang. “You’re here with us.”

“Always, Laurel. And congratulations.”

Sa mga nandoon ay agad silang ipinakilala ni Louie. “Everyone, we would like to introduce to you these two beautiful ladies here with us, Belle, dearest friend naming mag-asawa, at ang anak niyang si Prettie.”

Isa-isa silang binati ng mga ito.

“So, this beautiful lady here...” Nakatingin ang bisitang iyon sa kanya. “Huhulaan ko, ito ba ang magiging future daughter-in-law ninyo?”

Natigilan si Prettie. Napasulyap siya kay Jan upang alamin kung ano ba ang reaksyon nito. But all she could see was his usual plain expression.

Nilingon siya ni Laurel. “Kung ako ang papipiliin, bakit nga ba hindi? Kilala na naming mag-asawa itong si Prettie since she was a kid. Pero pagdating sa bagay na iyan, hindi namin hawak ang desisyon. Bilang mga magulang, nasa likod lamang kami ng mga anak namin para sumuporta sa kahit na ano pa ang magiging

desisyon nila.”

“There’s no way she can be my wife,” sabat ni Jan. Nilapitan siya nito at agad na inakbayan. “She’s my childhood friend and my best friend. But thank you, Tito, sa pagpapahiwatig ng opinion ninyo. But you know, she is more like a sister to me.”

Napasulyap siya sa lalaki. Bigla na lamang siyang nakadama ng kalungkutan sa naging pahayag nito. *Alam ko na, matagal na. Pero bakit ganoon?* Bakit hindi nagiging katanggap-tanggap sa kanya ang katotohanan na iyon?

Tamang sabihin na naa-out of place siya sa party. Karamihan sa mga bisita ay senior citizen na. Kung buhay pa ang kanyang ama, siguro makikita niyang masayang ipinagdiriwang ng mga magulang niya ang kanilang wedding anniversaries. Just so inspiring to see a married couple celebrating their togetherness full of happiness. Isa ito sa pinapangarap niya, ang makilala ang nakatadhana sa kanya at magsama nang masaya. Pero mukhang forever na talaga siyang magiging single.

Matagal niya nang nararamdaman iyon. Sad life! Naisipan niyang lumabas muna. Pero hindi niya lubos akalain na mararatnan niya rin pala



si Jan sa lobby. Babalik sana siya sa loob ngunit nakita na siya ng binata.

“I won’t mind if you want to join me here,” anito.

Napakibit-balikat siya saka umupo sa tabi nito. “Why are you here? Baka hanapin ka ng mga magulang mo.”

“They won’t. Huwag kang mag-alala.” Nagdekuwatro ito. “Eh, ikaw? Bakit ka nga ba rin nandirito?”

“Watching your parents make me remember mine. Nami-miss ko tuloy ang Papa.” Napabuntong-hininga na lamang siya. Namayani ang katahimikan. Pero hindi iyon nagtagal.

“Why did you leave?”

Ang tanong ni Jan ay naging sanhi kaya bumilis ng tibok ang kanyang puso. Isa iyon sa mga dahilan kung bakit kinakabahan siya, nahulaan na niyang itatanong nito sa kanya ang tungkol sa bagay na iyon.

“Four years,” dagdag pa nito. “Sa itinagal-tagal wala man lang akong narinig mula sa ’yo. Bakit ka umalis nang wala man lang pasabi? Lumayo ka at di man lamang nagbigay ng dahilan. Why’s that?”

Hindi niya alam kung paano iyon sasagutin.

Hanggang ngayon ay wala siyang lakas ng loob na ipaabot dito ang dahilan. She didn't owe him any explanation. It did not matter. Kung totoo ngang nag-aalala si Jan, sana sa loob ng ilang taon ay humanap ito ng paraan para mag-reach out sa kanya. He did not know anything about the pain he'd caused her all these years.

Minabuti niyang huwag itong sagutin.



“Prettie, are you okay? Gusto mo bang umuwi na lang tayo?”

Umiling siya. “No, Ma. Let's stay.”

“Ako ay nag-aalala sa 'yo.”

“I'm fine, Ma.” Siguro nga, gusto niya lang panatilihin ang distansya nila sa isa't isa. Dahil iyon ang mas nakabubuting gawin. It had been years, yet hindi niya pa rin makuhang kalimutan ang lahat.

Ang buong akala niya ay hindi na siya maapektuhan sa muli nilang pagkikita. Nagkamali siya. May rason pa rin kung bakit siya kinakabahan sa tuwing nasa harapan niya si Jan. Kung bakit sumisikip ang dibdib niya sa bawat paghawak nito sa kanya, kung bakit bumibilis ang tibok ng puso niya sa tuwing nagtatama ang kanilang mga mata.

“Whenever you feel like leaving, tell me. Magpapaalam tayo kina Tita Laurel mo.”

Ngumiti si Prettie. Kanina ay iyon ang gusto niyang mangyari pero parang nagbago ang isip niya. Gusto niyang manatili roon nang matagal. Well, not because of him, of course! Ayaw niyang sumama ang loob sa kanya ng mag-asawang dela Cerna. Hindi siya nagpakita sa mga ito sa loob ng matagal na panahon. Ang dalawa naman ang dahilan ng pagpunta niya roon.

“Magpapahangin lang ako, Ma.”

Pumunta siya sa terrace. Nagpakawala siya ng malalim na buntong-hinanga at napaunat nang malamang siya lamang mag-isa roon. Mula roon ay halos tanaw niya na ang kabuoan ng bayan ng San Nicolas. Nasa mataas na bahagi ang location ng hotel na kinaroroonan niya. Iyon ang kauna-unahang pagkakataon na nasilayan niya ang kanilang bayan mula sa anggulong iyon.

“Nandito ka lang pala.”

Nagulat siya at agad napalingon sa likuran kung saan nakatayo si Jan. Bakit ba sinusundan siya nito kahit saan siya magpunta? Humakbang ito palapit at tinabihan siya. May dinukot itong kaha ng sigarilyo at lighter mula sa bulsa ng suit pants nito. Kumuha ito ng isang stick at agad na

sinindihan.

“You smoke?” Ikinagulat niya iyon.

“Only when I am not working,” sagot ni Jan.

Nagkibit-balikat na lamang siya.

“Prettie, I’ve missed you.”

Natigilan siya. Dahan-dahan, nilingon niya ang binata. Gusto niyang malaman kung binibiro lamang siya nito para pansinin niya. Pero napakaseryoso ng ekspresyon ni Jan.

“Ilang taon akong naghintay sa pagbabalik mo. Ilang taong akong naghintay sa ’yo, kaso wala akong idea kung saan ka hahanapin. Nakiusap ako kay Tita Belle na sabihin sa akin ang address mo, pero ayaw niya dahil iyon daw ang pakiusap mo. I had to deal with that. I had to deal with everything. But it was so hard for me para isawalang-bahala ang lahat. You should have at least called me. Paliwanag lang naman ang kailangan ko.”

“I have a life, Jan,” aniya. “Malaya akong magdesisyon at gawin kung ano man ang gusto. Gusto kong mag-concentrate sa career ko kaya kailangan kong idistansya ang sarili ko sa mga bagay na magiging dahilan para mawala ako sa focus ko. Isa pa, wala kang kinalaman sa biglaang pag-alis ko.”

“Mahirap bang sabihin ’yan sa akin nang direkta? Iyon lang ba talaga ang dahilan? O baka may iba pa?”

Hindi siya sumagot.

Inihagis nito ang sigarilyo patungo sa trash can. “May ideya ka ba sa kung ano ang nararamdaman ko? Halos masiraan ako ng ulo kakaisip kung ano ang nagawa ko para maging gan’un ka sa akin. Matagal akong naghintay ng pagkakataong ito, na muli tayong magkaharap. Pero bakit hanggang ngayon, iniwasan mo pa rin ako?”

“Baka nga wala akong alam sa kung anumang pinagdaanan mo nang mga taon na iyon. Pero ako, may alam ka ba kung ano ang nararamdaman ko?” Namuo ang luha sa kanyang mga mata. “Gusto kong sabihin sa ’yo lahat-lahat, matagal na. Pero hindi ko magawa. Wala akong lakas ng loob para gawin iyon. Kasi natatakot ako na kapag sa oras na malaman mo ang totoo, babalewalain mo lang lahat.”

“Bakit hindi mo sabihin ngayon?”

“Hindi na kailangan. Kasi nakikita ko naman na okay ka lang.”

“How can you say that?”

“Whatever, Jan. Ayaw ko nang mapag-usapan

ang tungkol rito. Excuse me.” Tinalikuran niya ito saka pumasok na sa loob.

“Prettie...” Sinundan siya ng lalaki.

Hindi niya alam kung saan siya puwedeng magtago. Walang balak si Jan na tantanan siya. Kung mananatili siya rito sa hall ay baka gumawa lamang ito ng komosyon. Dumerecho siya sa pintuan at mabibilis ang hakbang na lumabas ng hotel.

“Huwag mo ’kong takbuhan, please...”

Napaigtad siya dahil nasa likuran niya pa rin pala ito. “Huwag mo nga akong ginugulat!” naiinis na asik niya. Kahit nahihirapan sa suot na sapatos ay nagawa niyang gawing mabilis ang mga hakbang. Kailangan niyang makalayo. Kailangan niyang makaiwas dito. Hanggang napadpad sila sa backyard garden.

“Prettie, wait!”

“Leave me alone!” *I just want you near me.*  
“Ayaw ko nang makausap ka pa!” *Marami akong kailangang sabihin sa ’yo!*

Mabuti na lamang at tahimik na ang lugar. Sa lakas ng mga boses nila, iisipin ng mga tagaroon na may lovers quarrel sila. And they were not lovers to begin with.

“Ganyan ka na lang ba palagi? Ngayong

nagbalik ka, panahon na siguro para sabihin mo kung ano man ang kailangan kong malaman. Pero heto ka at umiiwas pa rin. Bakit ba?”

“Pabayaan mo ako, Jan!” Mas binilisan niya ang mga hakbang. He’s keeping up with her.

“There’s no way I would! Never again!” Nahawakan siya ng binata sa braso. Buong lakas na pinigilan siya nito saka hinila. “Now, talk!”

She could not move. “L-let me go. Wala akong kailangang ipaliwanag sa ’yo. Let me go.”

“No! Never will I let you leave me again without saying anything! Not this time around! Four years, Prettie, wala akong narinig sa ’yo. Whatever the reason I want you to tell me that. And I promise you, I’m never gonna bother you again.”

Natigilan ang dalaga.

“Let’s end everything here and now,” dagdag pa nito.

Naramdaman niya ang paninikip ng dibdib. It’s like he’s willing to leave her for good. Pero bakit parang hindi niya iyon kayang tanggapin? May bahagi pa rin sa kanya na nagsasabing kailangan niya pa rin si Jan.

Maluha-luhang tiningnan niya ito sa mga mata. Inuunahan siya ng kanyang mga emosyon.

Iyon ang bagay na hindi niya alam kontrolin. Iyon ang hindi niya kayang baguhin. She couldn't say anything, not at this situation. Para bang sasabog ang kanyang dibdib sa sobrang sakit. Nahihirapan siyang huminga. Tuluyang naglaglagan ang luha sa mga pisngi niya.

Binitawan ni Jan ang kanyang mga kamay. Humakbang ito paatras saka napayuko. Iyon ang kauna-unahang pagkakataon na binitawan siya nito habang lumuluha siya. Dati rati, ang alam nitong gawin sa sitwasyong ganoon ay ang i-comfort siya; ang ipadama na naroon lang ito sa tabi niya. Pero mukhang hindi na ngayon.

Minabuti niyang iwanan si Jan. Ngunit nakakailang hakbang pa lamang siya, bigla na nitong hinawakan ang kamay niya at pinigilan siya. Hinila siya ng binata, hinapit sa baywang, at idinikit ang mga labi niya sa mga labi nito.

*No! This is not what I wanted!*

Nanlaban ang dalaga. Ngunit sadyang mas malakas si Jan kaysa sa kanya.

“Prettie...” anas nito.

Agad niya itong itinulak. “H-hindi tama ’to,” aniya.

She badly wanted to be kissed by him, pero hindi sa ganitong paraan.



“Prettie...”

Umiwas siya nang akmang hahawakan siya muli ng kababata. “E-enough. Please...”

“Ano ba ang kailangan kong gawin para bumalik tayo sa dati? What have I done, Prettie? I want you to at least tell me.”

“Impossible nang bumalik pa tayo sa kung anuman tayo dati. I’m sorry. Hangga’t maaari, ayaw ko na sanang nilalapitan mo ako. Excuse me. Babalik na ’ko sa loob. Baka hinahanap na ako ni Mama.” Nagmamadaling iniwanan niya ito. Mabilis pa rin ang pintig ng kanyang puso. Pakiramdam niya ay mabibiyak ang dibdib niya.

She should be happy. But it was weird that all she could feel was this familiar pain.

# Chapter Two



Back then, everything was so pure. Kung puwede nga lang sanang ibalik ang lahat sa dati. Pero sabi nga nila, life must go on. Life is short kaya bakit nga ba naman niya itatali ang sarili sa nakaraan? Siguro nga iyon ang nakatakdang mangyari. Kailangan niya lang maging positibo na may blessing iyong kapalit.

May ilang araw na ang lumipas ngunit pakiramdam niya ay hindi pa rin bumabalik sa normal ang tibok ng kanyang puso kapag naiisip niya si Jan. Hindi niya magawang kalimutan ang nangyari nang gabing iyon sa party. Alam niya na may mangyayaring hindi maganda sa muling pagkikita nila. It could not be helped.

Ang alam niya lang sa ngayon, ayaw niya na itong makaharap muli. Umalis siya kinabukasan at dumerechong Santa Barbara. Ang magpakalayo ang pinakamainam na bagay na alam niyang gawin. Siguro naman dito sa bayan, magkakaroon siya ng panibago pero maganda at tahimik na pamumuhay. Ang pagbalik sa San Nicolas ay isang malaking pagkakamali in the first place. Pero wala siyang nagawa para pigilan ang muli nilang paghaharap ng lalaking una niyang minahal at unang dahilan ng pagkawasak ng puso niya.

Sa tuwing naiisip niya ang nakaraan, tila ay hinahalukay ang kanyang sikmura. She felt like she wanted to puke. It was horrible. The experience was tragic.



Nag-resign siya sa trabaho niya sa Manila dahil ang gusto ng ina ay maging malapit sila sa isa't isa. Maraming taon rin kasi siyang nalayo rito. Alam niyang malungkot mamuhay mag-isa. Kaya naisipan niyang bumalik sa San Nicolas.

Naghanap siya ng trabaho pero sa malas, hindi sa bayan nila ang working area niya. Ang buong akala niya ay magiging problema iyon para sa ina ngunit pumayag naman ito. Ilang oras lang din naman ang kailangang ibiyahe bago makarating

sa karatig bayan. Napagkasunduan nilang mag-ina na tuwing weekend ay uuwi siya sa San Nicolas.

“So you are Miss Prettie Cassidy Arianna Dominguez.”

“Yes.” Nang araw na iyon ang unang araw niya sa trabaho. Nasa HRM Office siya noon para sa i-orient ng secretary.

“Sasamahan kita sa Procurement Office para ipakilala sa head doon. Actually, kanina ka pa niya inaasahan.”

“W-wait, what? S-saang office ako?” Gusto niya lang makasiguro.

“Sa Procurement.”

“Huh? Miss, baka naman may pagkakamali rito. Sa pagkakatanda ko kasi, sa Accounting ako. I applied for the position of an accountant. Why am I going to the Procurement Office? Malaking kaibahan iyon.”

“Nakalagay kasi rito na sa Procurement ka, eh.” Ipinakita nito sa kanya ang handwritten note sa resume niya. “Hired, Procurement staff, official BAC Secretariat, effective today.”

“Huh?” di-makapaniwalang bulalas niya.

“Let’s go.” Tumayo na ito. “I’ll show you to your desk.”

Wala na siyang nagawa pa. Kaysa naman

mawawalan agad ng trabaho. Kung ano man ang nangyari ay hindi niya alam.

*This sucks! Why the hell am I hired for a job na hindi ko pinag-interesang pasukan? Besides...*

“Hindi ba ang kadalasang nagtatrabaho sa Procurement ay lalaki? It’ll be kind of awkward for a woman like me.”

“That’s not true. May mga babae rin naman kasing nasa unit na iyon kaya wala kang kailangang ikabahala.” Lumulan sila sa elevator pagkabukas na pagkabukas niyon. “Totoo na nitong mga nagdaang taon ay masyadong problematic ang PU. But since the new head joined last year, sobrang laki ng ipinagbago ng buong department. Walang project na nade-delay.”

“Really?”

“Bukod diyan, kilala ang PU sa pagkakaroon ng naggagandahan at nagguguwapuhang employees.”

*Hindi naman ako nababahala sa kung sino mang mga makakasama ko. Ang pinoproblema ko ay kung paano panghahawakan ang responsibilidad ko gayong hindi ko alam ang tungkol dito.*

Ang totoo, parang gusto niya nang umalis nang oras na iyon mismo. Pero hindi niya naman magagawa iyon. Siguro papasok siya roon nang ilang araw o linggo, at pagkatapos, maghahanap

na lang siya ng rason para mag-resign.

Pagdating nila sa ikaapat na palapag ay tahimik na sumunod lamang siya sa babae. Nang tumapat sila sa pinto kung saan may malaking markang “Procurement Unit,” hindi niya maiwasang magpakawala ng malalim na buntong-hininga. Tatlong beses na kinatok ng babae ang pinto bago iyon binuksan.

“Excuse me, kasama ko na ang bagong makakasama ninyo effective today.” Pumasok ito nang tuluyan sa loob ng opisina.

Sumunod naman siya. Nanlalaki ang mga matang napatingin siya sa mga empleyadong nandoon. Halos wala nang buhay ang mga ito habang nasa kani-kanilang working table. Bukod doon, sa hitsura ng mga ito, kahit sikat na artist ay mahihirapang silang iguhit. Napakakalat din sa buong lugar. Kung saan-saan na lamang nakapatong ang mga files.

Napalunok siya. *This is hell!* “G-good day, everyone. I am Prettie. Pleased to meet you.” So disappointing! *Di bale. I’ll quit anyway. Wala naman sigurong masama kung harapin ko silang lahat.*

“Iiwanan ko na siya sa inyo, okay?” Tinapik-tapik ng babae ang balikat niya. “Good luck,” sabi

nito bago umalis.

Sa hitsura ng mga ito, napakaimposible yatang may kakausap sa kanya nang matino.

“Hello!”

Napalingon siya sa pintuang nasa kaliwa niya kung saan isang babae ang lumabas. Tiningnan niya ito mula ulo hanggang paa. Sa hitsura ng babae, daig pa nito ang nagka-blackeye sa nangingitim nitong eyebags. Ang payat din nito. *What the hell is going on here?* Nahirapan tuloy siyang bigyan ng tamang definition ang maganda at gwapo. Animo nasa zombie world ang mga ito.

“May kailangan ka ba?” tanong pa nito.

“A-ah, a-ako kasi ’yong bagong employee na na-assign rito. I’m starting today.”

“Gan’un ba? Ngayong araw pala iyon?” Napakamot ito sa ulo. “Sandali lang, ha?” Sumilip ito sa isang pinto. “Bossing, nandito na iyong newly hired employee natin. Bossing!”

“I heard you, okay? Let her in.”

Binalingan siya nito. “P’asok ka raw.”

Kung magre-resign rin lang naman siya, siguro nakabubuting kilalanin niya na rin muna itong Procurement Head nila.

Pumasok siya sa loob ng opisina nito, pero wala ito sa mesa nito. Napatingin siya sa kabilang

bahagi ng silid. The room's divided into two by a plywood, painted in ivory. Hindi niya alam kung ano ang meron sa kabila.

“Good morning,” bati niya kahit hindi niya pa alam kung saan ba ito naroroon.

“I'll be there in a while.” Nagmumula ang boses sa likod ng divider. “Maupo ka lang.”

“Salamat.” Naupo siya sa isa sa mga visitor's seat na naroon.

“Angel! Angel!”

Kulang na lamang ay malaglag siya sa kinauupuan niya matapos ang pagsigaw nito na kumalat sa buong silid. Biglang pumasok ang babae na kanina lang ay kausap niya.

“Yes, Boss?” Dumerecho ito sa kabila ng divider.

“Pambihira naman. Ba't ang daming kulang nito? Ilang beses ko bang sasabihin sa inyo na ayusin n'yong maigi itong RFQ? Kulang ang mga pirma nito, eh! Do this again at siguraduhing nakapirma lahat ng supplier.”

“Yes, Boss.”

“Ulitin 'to!”

Nagtatatakpong lumabas ang babae.

Hindi niya kayang tagalan ang tensyon sa opisinaang iyon. Bukod sa may mala-zombie na



empleyado, may mala-ogre pang boss!

Mayamaya ay narinig niya ang mga yabag nito na palapit sa kanya. Napayuko na lamang siya. Hindi siya handang makita ang hitsura nito. Kung bakit nagkaganoon ang mga subordinates nito, malamang dahil hindi ito mahusay sa pakikitungo sa kanila. Nanatili lamang siyang nakayuko kahit alam niyang nakaupo na ito sa swivel chair nito at kaharap na siya.

“What are you? Part-timer?”

“I’m a contract-based employee.”

“Ah, yeah. You’re Prettie Cassidy Arianna Dominguez, right?”

“Y-yes.”

“S’abi nga nila, may isang tulad mo ang darating.”

*Isang tulad ko? What’s that supposed to mean?*  
Lihim niyang naikuyom ang mga palad.

“Well, Miss Dominguez, boss mo ang kumakausap sa ’yo. Kailangan mo rin naman sigurong tingnan ako.”

“Ah, r-right.” Nagtaas siya ng ulo at agad itong tiningnan. Sa isang iglap, huminto sa paggalaw ang mundo niya. This face! Hindi siya nagkakamali! This person in front of her was no other than Jan Drake Xander dela Cerna. Kaya pala umalsa ang

dibdib niya nang marinig ang pamilyar na boses nito kanina!

“I welcome you in my team,” sabi pa nito.

Ang bagay na ayaw niyang mangyari ay hindi dininig ng pagkakataon. Hindi siya makapaniwalang magkakaharap sila muli nang ganito kabilis! And worse, makakatrabaho niya pa at ito pa ang boss niya.

“Hindi ako nakapunta sa interview mo kasi marami akong kinailangang tapusin. I’ve heard you applied for an Accounting position.”

“Exactly.”

“Then, why are you here in Procurement?”

“That’s what I want to know.”

Napakibit-balikat si Jan at tiningnan ang files niya. Mayamaya ay tinitigan lamang siya nito.

*At ano naman kaya ang iniisip niya?*

“Useless.”

Nag-init nang husto ang mukha niya dahil sa inis. Daig pa niya ang binato ng malakas.

“Unang-una, hindi ko alam kung bakit kailangan kong mapadpad dito gayong wala naman ito sa interes ko. Kung ako ang masusunod, agad na akong magre-resign at maghahanap ng panibagong trabaho. I really don’t think I deserve to be here. This job’s not meant for me.”

“Kung palagi mong iisipin na hindi mo kaya kahit hindi mo pa sinusubukan, I don’t think you’d ever succeed at anything. Lahat naman ng bagay natututunan. Para lang rin iyang pag-ibig. Kung hindi mo tuturuan ang puso mong lumimot at magpatawad, mahihirapan kang mag-move on.” Sumandal ito sa backrest ng inuupuan nito.

Gusto niya nang isipin na hindi para sa kanya ang hugot na iyon, pero tinamaan siya nang husto hanggang kaibuturan ng kanyang pagkatao.

“I can’t assure you na magiging madali ang trabaho rito sa Procurement. But you’ll learn in no time. Nakahati sa dalawang team ang opisina ng ’to. Ang Request for Quotation Team at ang Bids and Awards Committee. Since marami na akong tao sa RFQ, sa BAC kita ipapasok.”

“A-ano ang gagawin ko?”

“You’ll know it. We have four bidding activities today. I want you to sit in and observe para at least malaman mo kung ano ang takbo ng activities.”

“What? Agad-agad?”

“The sooner, the better.”

“P-pero—”

“Christy!”

Dumating ang isang babae na may dala-dalang folders. “Yes, Boss?”

“Tell Prettie everything about your job as BAC Secretariat. Siya ang pagawin mo ng minutes mamaya sa activities.”

“Areglado, Boss.”

“Go with her,” baling nito sa kanya.

Tumayo siya at naiinis na lumabas na lamang ng opisina nito. Parang gusto niya nang maiyak. Mukhang hindi nagsasawa ang Maykapal sa pagbibigay sa kanya ng challenges sa buhay. Sinusubukan Nito kung hanggang saan ang makakaya niya.

*At the age of twenty-eight, I, Prettie Cassidy Arianna Dominguez, have become a totally jaded adult.*



“Here’s the list.” Inabot sa kanya ni Christy ang folder. “N’ong unang araw ko rito, iyan ang pinakauna kong pinag-aralan. It’s very helpful.”

“Salamat.” Binuklat niya ang folder at isa-isang tiningnan ang may sampung pirasong letter-sized bond paper. Nakasulat doon ang flow ng trabaho nila sa BAC.

“Ito ang kailangan nating sundin. Nakasulat na diyan lahat ng mga kailangan nating gawin from the very beginning until the very end. Papatapos na ang taon kaya gusto ko lang sabihin sa ’yo na

we are working overtime. This is our grave season. Kaya lahat ng projects na nasimulan at hindi pa natatapos, kailangang makumpleto bago matapos ang taon na ito. But don't worry, lima tayo sa BAC kaya magtutulungan tayo."

"Wait, what do you mean by grave season?"

Isang nakakalokang ngiti ang ipinakita ni Christy sa kanya. "Look around you, dear. This is how we are kapag papatapos na ang taon. Ang iba halos hindi na natutulog sa kaka-overtime."

"Ha? O-okay lang ba kayo na ganyan? Paano ang mga pamilya ninyo't mga anak?"

"Mukhang may sandosenang anak lang ako, pero single pa ako."

"Oh my God! I am sorry." Natakpan niya ang bibig. Hindi niya ini-expect iyon. You really shouldn't judge someone by appearance.

"Kita mo ang eyebags ko? Akala ng nanay ko battered girlfriend ako eh wala naman akong boyfriend. Hindi ko rin alam kung makikilala ko pa ang ka-forever ko kung ganito palagi ang hitsura ko. Kaya sa ngayon, chill ka lang. Sooner or later, you'll experience the fun."

*Fun, huh?* It looked not fun at all. Kanina sa apat na magkakasunod na activities, hindi niya alam kung ano ang gagawin. Idagdag pa ang mga

diablong miyembro ng committee na umaasa yatang matututunan niya lahat agad-agad. Hindi niya rin inaasahan na ura-urada siyang isasabak sa ganoong trabahong wala siyang kaide-ideya roon. She was comically working kanina! Nararamdaman niya na ngayon pa lang na mapapabilang na siya sa Zombie Apocalypse Club.

“Sa ngayon, I want you to work on the minutes,” patuloy pa ni Christy. “May format tayo na kailangang sundin. Ibase mo lang sa previous minutes ang gagawin mo ngayon. I-input mo lahat ng mga napag-usapan kanina sa meeting. Kapag natapos ka na, mag-print ka ng draft para ma-check ni Boss.”

“Siya nga pala, Christy, I’ve been meaning to ask, bakit nga pala ‘Boss’ ang tawag ninyo kay Ja— kay Mr. dela Cerna? Hindi ba medyo inappropriate iyon?”

“Well, iyon kasi ang gusto niya. Ayaw niyang tinatawag na ‘Sir’ dahil hindi raw naman siya teacher. Alam mo, Prettie, ganyan lang iyang si Bossing, pero napakabait niyan.”

“Oh.” Hindi na siya nagbigay pa ng komento roon. When it came to Jan, wala na siyang kailangan pang sabihin.

Unang araw niya sa trabaho ngunit

pakiramdam niya ay binugbog siya nang husto. Buong maghapon niyang pinaglaanan ng oras ang minutes na pinapatapos agad sa kanya ni Jan. Naisipan niya ring manatili muna nang ilang oras sa opisina para pag-aralan ang mga susunod na gagawin. Mula sa mga old files na nandoon hanggang sa recent files ng complete at incomplete projects ay isa-isa niyang pinag-aralan. Nag-print out na rin siya ng samples ng documents na hindi pamilyar sa kanya para madala niya sa bahay. Nang maramdaman ang pananakit ng ulo ay naisipan niyang tapusin na muna ang ginagawa.

*Bakit ko ba ito pinaglalaanan ng panahon, eh magre-resign lang din naman ako?*

“First day of work and you’re working overtime?”

Umalsa ang dibdib niya nang makita si Jan na nakatayo sa bungad ng pintuan ng opisina nito. Hindi niya alam na nandoon pa pala ito. Buong akala niya ay siya na lamang mag-isa ang naiwan sa opisina.

“That’s enough for today.” Humakbang ito palapit sa cubicle niya.

“I... I’m done.” Nagmamadaling iniligpit niya ang mga gamit at pinatay ang desktop computer.

“Prettie...”

“What?”

“I’m glad I have you here.”

“I feel the opposite,” sagot niya. Kinuha niya ang kanyang bag. “I don’t wanna be here in the first place.”

“Why? Because I happen to be your boss?”

“Because I don’t like the job. Pero sa ngayon, I have to deal with everything.”

“Meaning you’re fine with me being your boss despite disliking the job? Okay lang rin sa ’yo na araw-araw tayong magkasama at magkikita?”

“Masyado kang feeler! Excuse me, I’ll take my leave now.” Dali-daling nilampasan niya ang lalaki at mabibilis ang hakbang na tinungo ang pinto.

“Ayaw mo ba talagang magtrabaho dito?”

*Well, yes, I am!* Iyon sana ang gusto niyang isigaw sa mukha nito. Iyon ba talaga ang totoo niyang nararamdaman? Hinarap niya si Jan. “Not really,” aniya. “Hindi ko alam kung paano ipapaliwanag ’to. Kaya lang ito ang trabahong hindi ko pa kailanman nasubukan. Hindi ko alam kung ano ba ang nararapat gawin o kung ano ang kaya kong i-contribute sa mga kasamahan ko. Napakalaki ng kaibahan nito sa previous job ko.”

“If you’re not motivated, then quit. You’ll just get in the way.”



Kumunot ang noo ni Prettie. “Ha?”

“How many people do you think get to do the thing they love for work?”

“That’s...”

“Everyone starts as a noob. It’s normal for you to feel that way. But there’s always room for improvement. Kagaya ng sinabi ko, you’ll learn in no time.”

Natigilan ang dalaga. *He’s encouraging me?*

“Take care on your way home.”

Sinundan niya ng tingin ang lalaki nang pumasok ito muli sa opisina nito. Sa tingin niya ay tama naman si Jan. Walang bagay na hindi napag-aaralan. Ibibigay niya na lamang ang lahat ng makakaya sa trabahong ito. Wala namang mawawala kung bibigyan niya ng pagkakataon ang sarili niya. *If I give up now, nothing will change. Kung ibibigay ko ang best ko but told to be useless, iyan ay pagkakamali ko na. Pero ang i-consider na useless kahit hindi ko pa nasusubukan, iyan ang bagay na hindi ko mapapayagan.*

To have him around her was awkward. Pero ayaw niya na magpaapekto sa presensya ni Jan.

# Chapter Three



naantok pa siya nang pumasok sa trabaho kinabukasan. Marami siyang tinapos sa kanyang apartment. Nang nakaraang araw lang din siya lumipat. Madaling araw na siya natapos sa pag-aayos ng mga gamit.

“Good morning,” bati niya sa mga kasamahan pagkapasok niya.

“Good morning!”

Napatingin siya sa naggagandahang nilalang na sabay-sabay na bumati sa kanya. Inilibot niya rin ang paningin sa opisina.

“Sorry. W-wrong office.” Muli ay lumabas siya at agad na isinara ang pinto. “Or not.” Nasa tamang opisina siya. Pero sino ang mga dazzling

creatures of light na nasa loob? Sumilip siya sa bintana. Malaki ang kaibahan ng lugar ngayon kumpara kahapon. Mukhang normal na mga empleyado na rin ang mga nasa loob. Ang buong opisina ay nasa ayos na rin.

“What are you doing here?”

Napalington siya sa kanyang likuran. Dumating na pala si Jan. “Something’s not right,” sabi niya lang dito.

Maging ito ay nag-iba nang tingnan niya. Bagong gupit ang lalaki at nakapag-ahit din. Nagmukha itong mas bata kaysa sa edad nito nang araw na iyon.

“Ano ba iyang sinasabi mo? Pumasok ka na at marami ka pang kailangang gawin. I need those minutes now.” Pumasok na ito.

Nahihirapan pa rin siyang tanggapin na boss niya si Jan. *Why do I have to run on him, of all people?* Naglaglagan ang mga balikat niya at pumasok na lamang.

“G-good morning,” muli niyang bati sa mga ito. Alam niyang hindi magiging madali ang araw na ito. Pero nakahanda siya sa mga puwedeng mangyari. Napatingin siya sa whiteboard kung saan nakasulat ang schedule ng lahat ng bidding activities. May dalawang activities nang araw na

iyon.

“Siya nga pala, Prettie, gusto naming magpa-party bilang pag-welcome sa ’yo rito sa PU,” imporma ni Christy. “Kahapon sana iyon kaya lang busy lahat.”

Alam niya. Kitang-kita rin niya na halos walang buhay na ang mga ito. Ang gusto niyang malaman ay kung ano ba ang nangyari at tila nag-morph ang lahat sa opisina ng iyon? Mukha ring nasa magandang mood si Jan. Kung anuman ang dahilan, wala na siyang pakialam.

“Hindi n’yo na kailangang mag-abala pa,” aniya.

“Ay, hindi. Tradition na talaga namin dito ang magpa-welcome party para sa mga bagong empleyado. Tomorrow night, okay? Since it’s Friday. May resto bar malapit rito. Doon tayo.”

“S-sige.”

Hindi pa naman sigurado kung matutuloy ang plano nilang iyon. Isa pa, napakarami nilang kailangang trabahuhin at tapusin. Hindi pa rin siya makakapagdesisyon kung pupunta siya o hindi. Pero hindi rin kasi maganda na hindi pansinin ang effort ng mga kasamahan para i-welcome siya. They were just being nice to her. It’s not bad to return the favor. *Tsk! At bakit iyon*

*pa ang una kong inisip?*

Binuksan niya ang kanyang computer. Hindi pa aprubado iyong minutes ng meeting nang nakaraang araw at kailangan niya iyong asikasuhin. May dalawa pang bidding activities na magaganap sa araw na iyon. Nang makapag-print siya ng draft ay agad niyang dinala iyon kay Jan upang ma-check nito.

“Stay,” anito nang akmang lalabas siya.

Nanatili siyang nakatayo sa gilid ng mesa habang pinagmamasdan ang lalaki. He looked so different being an office guy. Nakikita niyang napakaseryoso nito sa trabaho. Minsan naitanong niya sa isip kung bothered ba ito sa presensya niya kagaya ng pagka-bother niya sa presensya nito. Pero parang hindi naman.

“This is okay.” Ibinalik nito iyon sa kanya. “Do the final printing and provide two copies each. Make sure na matatapos ang pagpapapirma rito sa araw na ito.”

“Yes.”

“Prettie...”

“Bakit?”

“I heard na may inihandang party ang lahat para sa 'yo bukas ng gabi. Kailangan mong pumunta, okay?”

“T-titingnan ko pa,” turan niya. “Excuse me.” Iniwanan niya na ito. Dahil alam nito, natitiyak niyang pupunta rin doon ang lalaki. At iyon ang ayaw na ayaw niya. May dalawang araw niya nang nakikita si Jan. At alam niya na may mga darating na araw pa. Pakiramdam niya ay lalagnatin siya sa kaiisip ng paraan kung paano i-deal ang sitwasyon niya.



Ang pagkakaroon ng urgent meeting ng BAC kinagabihan ay hindi niya lubusang inasahan. Nagsiuwian na ang mga kasamahan niya at tanging siya lamang ang naiwan. Wala siyang nagawa kundi umupo kasama nina Jan, ang Chairman, Vice Chairman, ang tatlong BAC Members at ang Technical Working Group ng Committee.

“Prettie...”

“Y-yes?” Hindi niya maiwasang kabahan. Nabasa niya at napag-aralan ang mga posibleng gawin, pero kahit minsan ay hindi niya pa nagawa iyon nang aktuwal.

“Relax.” Tinapik-tapik ni Jan ang kanyang balikat. “Tayo-tayo lang naman ang nandito kaya hindi kailangang maging pormal ang meeting na ito.”

“I... I don’t know what to do,” sabi niya.

“Gawin mo lang kung ano ang kailangang gawin.” Napatingin ito sa laptop. “Let me.” Hinila nito ang bakanteng silya sa isang sulok at naupo sa tabi niya.

Napakagat-labi si Prettie. Mula sa kinauupuan ay amoy niya ang mabangong samyo nito. Napansin niya na ang dating pabango pa rin ang gamit ng binata. And she liked that scent very much.

“Heto ang lahat ng files na icheck natin ngayon,” sabi nito.

“A-ah, o-oo.” Naka-on ang air con sa loob pero pinagpapawisan siya. Rinig niya ang mabilis na pagtibok ng kanyang puso. Masyado silang malapit sa isa’t isa.

“Magiging mabilis lang ito. Okay? I’ll be here.”

Tumango ang dalaga.

“Alright. We’re ready.” Tumayo na ito.

Ang totoo, malaki ang pasasalamat niya. Sa kabila ng lahat, nararamdaman niya na kahit ano pa ang mangyari, nasa likod niya lang si Jan.

Hindi kaya ginagawa lang ito ng lalaki para magkaayos sila? *Hindi naman siguro*. Natural lang sa kababata ang maging supportive. Alam ni Jan

naman na newbie siya kaya tinutulungan siya. Well, maraming salamat. Hinihiling niya na sana maging maayos na ang lahat.

Halos dalawang oras ang itinagal bago sila tuluyang natapos. Nakakapagod at sumasakit ang kanyang ulo. Pero ang mahalaga, natapos nila ang tatlong projects for awarding.

Sa susunod na araw, hindi niya alam kung ano ang naghihintay sa kanila. Siguro tatanungin niya na lang si Christy.

*I can't do this anymore. I'm tired. I'm so sleepy.* Paika-ikang pumunta siya sa cubicle niya habang bitbit ang ilang documents.

Gusto na niyang umuwi at magpahinga. Pero nagugutom siya. Bibili na lang siguro siya ng makakain sa convenience store pag-uwi niya.

Bumalik si Prettie sa conference room para kunin ang natitirang dokumento nang maabutan niya si Jan na umiidlip sa kinauupuan nito habang ang mga paa ay nakapatong sa mesa.

“Hoy, Mr. dela Cerna!” tawag niya. “Gabi na kaya. Magligpit ka na para makauwi na tayo.”

“Pagod ako,” sagot nito.

“Alam ko. Ako rin naman. Kaya nga tulungan mo ako sa pagliligpit para makauwi na tayo.”

Kumilos ito. Tumayo na at nag-unat. “Iyang



documents lang ang iligpit mo. Iwanan mo na 'tong ibang gamit dito at bukas na natin aayusin.”

“Natapos rin tayo. I’m glad we made it ’til the end.”

“I’m glad you’re here.”

“W-what?” Napatingin siya rito.

“Nag-worry ako sa ’yo kanina. You looked so tense.”

“Ah, kasi, ito ang unang pagkakataon na napasama ako sa ganitong meeting. Hindi pa kasi naituturo sa akin ni Christy ang mga kailangang gawin. Pero gusto kong matuto. Alam kong masasanay rin ako. Pasensya na kung minsan I’m dragging things around.”

“You did great, Prettie. Napapansin ko rin na sinisimulan mo nang bigyan ng importansya ang trabaho mo. At ikaw ang tipo na hindi matatahimik hanggang satisfied ka na. Good job for today.”

“T-thank you.” Hindi niya in-expect iyon. Saka lang niya naalala na silang dalawa lamang ang naroon sa opisina. Nagsimula ulit siyang kabahan. Tatapusin na lamang niya ang pagliligpit para makaalis na.

“Nang mabasa ko ang application letter mo, I couldn’t react,” sabi nito. “Kahit anong pag-

iwas pa ang gawin mo, mukhang tadhana ang nagdesisyon na pagtagpuin tayo.”

“W-what are you talking about?”

“Hindi ako mapapanatag hangga’t hindi mo sinasabi sa akin ang dahilan kung bakit mo ako iniwan. Don’t you think ito na ang tamang pagkakataon para mapag-usapan natin iyon? Whatever you say, I’ll take it. I just want you to tell me everything.”

“Wala akong kailangang sabihin sa ’yo, Jan. Isa pa, huwag mong dalhin ang personal na problema rito sa trabaho.”

“Why not?” giit pa nito na hinarap na siya.

“Kagaya ng sinabi ko, wala akong dapat sabihin...” Hindi niya naituloy pa ang sasabihin nang hawakan siya ng binata sa magkabilang braso. “W-what now?”

“Sa tingin mo ba, ayos lang sa akin ang makita at makasama ka rito? Naging komplikado na ang relasyon natin noon pa, ’tapos ngayon, dadagdag pa ang nakapa-awkward na sitwasyon nating ’to sa trabaho.”

“Hindi ko ’to ginusto.”

“So do I.”

Napahawak si Prettie sa mga braso nito nang buhatin siya ng lalaki at ipinatong sa mesa. “J-Jan,

w-what are you doing?”

Nahihintatakutang itinukod niya ang mga kamay sa dibdib ng binata upang pigilan ito.

“Alam mo ba ang pakiramdam na araw-araw kitang nakikita pero wala man lang akong magawa? Daig ko pa ang may bitbit na limampung kilo. Your presence alone is torture, Prettie.” Ikinulong nito sa mga kamay ang mukha niya. “I hate you for making me suffer,” anas nito saka sinakop ng mga labi ang mga labi niya.

Nanlaban siya at pilit itong itinulak. Ngunit pinigilan siya ni Jan. Inipon nito sa likuran niya ang dalawa niyang pupulsuhan, gamit lang ang isang kamay. Nahihirapan rin siyang makaalis sa kinauupuan dahil nakapwesto ito sa pagitan ng mga binti niya. “J-Jan...” bulong niya nang pansamantalang makawala ang mga labi niya.

Hinapit nito ang batok niya at muli siyang siniil ng halik. The guy was totally out of control. And she was scared.

Hindi ba nito alam na nasasaktan siya? Nang makawala siya sa hawak nito ay buong lakas na itinulak niya ito at agad na iniwas ang mukha. “If this is a joke, it isn’t funny!” galit niyang sabi.

“Joke?” Dumistansya ang lalaki.

Sinamantala niya iyon; dali-dali siyang

bumaba mula sa mesa saka nagpakalayo rito.

“Ah, sa tingin ko, palagi mong iniisip na naglalaro lang ako. Ang buong akala ko, nagbago ka na pero napakaprangka mo pa rin as always.”

“Huh?”

Lumabas na ito ng conference room.

Galit na sinundan niya ito. “Teka nga! You can’t just say whatever the hell you want then run away. Sa tingin mo ba hahayaan na lang kitang gawin ang gusto mo sa akin kapag nagkapanahon ka? Nakapa-inconsiderate mo talaga. You could at least apologize, after what you’ve done to me!”

“At ano ang ginawa ko?” Kinuha ni Jan ang jacket na nakasabit sa likuran ng swivel chair nito at agad iyong isinuot.

“Nagtatanong ka pa, alam mo naman.”

“Ha? May nagawa ba ako sa ’yo?”

“May nakikita ka pa bang iba rito?”

“You’re the one who did something to me.”

Nakaawang ang mga labing tiningnan niya ito. Tama ba ang narinig niya? Bakit ba binabaliktad nito ang sitwasyon ngayon?

Nanggigigil na naikuyom niya ang mga palad. Kung ang tinutukoy nito ay ang paglayo niya may apat na taon na ang nakakaraan, wala iyon sa kalingkingan ng nagawa nito sa kanya.

“Ikaw itong sumugod na lamang sa akin at binugbog ako, then, disappeared on the next day,” sabi pa nito.

“What’s that supposed to mean?”

“What the hell? I’m not sure kung meron kang selective memory, but you’re totally terrible at remembering things.”

“Whatever it is, it’s you who’s always been at fault. You led me on and then, threw me away!”

“Excuse me? Kailan ko ba ginawa iyan?”

“Noong tinanong kita kung mahal mo ba ako. Isang tawa lang ang nakuha kong sagot mula sa ’yo. So, naisip ko na siguro pinaglalaruan mo lang ang damdamin ko, na wala ka talagang planong seryosohin ako. I know na takot kang talohin ako dahil magkaibigan tayo. Pero kung ano man ang dahilan kung bakit nasira nang tuluyan ang samahan natin, ay hindi dahil inibig kita nang higit pa sa isang kaibigan, kundi dahil napaka-heartless mo. You didn’t care about my feelings at all.”

“Ano ba iyang pinagsasasabi mo? Anong pinagtawanan?”

“Huwag kang umasta na parang hindi mo alam.”

“Kung inisip mong pinagtawanan kita,

nagkakamali ka. Hindi ko intensyon iyon in the first place. Baka natatawa ako sa ideya na nagawa mo pang itanong iyon sa kabila ng mga nangyari sa atin. Sandali nga, inisip mo ba na pinaglalaruan lang kita kaya mo ako binugbog, at saka nagpakalayo? At pinanghahawakan mo ang sama ng loob na iyan sa loob ng apat na taon?”

Hindi makapagsalita si Prettie.

“What are you? An idiot?”

Nagtagis ang kanyang bagang. “You’re the one who’s acting like an idiot!”

“I can’t believe this.” Napailing si Jan. Kinuha nito ang bag. “Buong buhay ko, wala akong ibang ginustong malaman kundi kung ano ang nagawa kong kasalanan sa ’yo. Nang dahil lang doon, nasira ang lahat. Now that the mystery is solved, ibig sabihin ba nito may chance pa para magsimula tayo muli?”

“Hindi mangyayari ’yan!” Hindi niya kasalanan kung umabot siya sa ganoong konklusyon. Jan did not say anything to her. Kahit ilang beses niyang inamin dito na mahal niya ito. Walang ibang ginawa ang lalaki kundi inisin siya, pagkatuwaan, at mag-take advantage sa kahinaan niya. Hindi sapat na ipakita at ipadama lang nito sa kanya ang pagiging espesyal niya. Gusto

niya ring marinig mula rito ang mga salitang kukumbinsi sa kanya. Pero hindi iyon nangyari.

Nainsulto siya nang husto at nalunod sa kahihyan. Umasa siya masyado. Ganoon lang pala ang mangyayari.

Pero kahit naging klaro na ngayon ang lahat, napakaimposible na para sa kanila na ibalik sa dati ang lahat. Nagkaroon na ng malaking gap sa pagitan nila.

“You’re the only woman I’ve ever loved,” sabi nito. “Kasalanan ko rin kung bakit hindi ako naging honest sa nararamdaman ko sa ’yo noon. Pero wala akong ibang minahal sa loob ng apat na taon na malayo tayo sa isa’t isa. It’s always been you, Prettie. I’ll do whatever it takes for you to love me again. Just so you wait.”

“S-sandali nga!” Hanggang sa may elevator ay sinundan niya ito. “Stop joking around, Jan!”

“I am not joking. And you know that I always take things seriously.” Nang bumukas ang elevator ay pumasok na ito roon.

Naiwan siyang tulala sa kinatatayuan niya. *Ano ang ibig nitong sabihin? Gumawa lang ba ako ng tremendous misunderstanding? No way! This can't be! Ano na lang ang mangyayari sa akin ngayon?*



Mabigat na mabigat ang buo niyang katawan. Halos hindi niya na maihakbang ang kanyang mga paa. May ilang minuto na siyang nakahiga sa sofa mula nang dumating siya. Pagod na pagod siya sa trabaho. “Damn it.” Paano na lang kaya sa susunod pang mga araw?

*And that jerk! Paano niya nagawang sabihin iyon after everything? Sa tingin niya ba, paniniwalaan ko siya agad? Impossible.*

Si Jan lang naman ang naging dahilan kung bakit natatakot na siyang magmahal muli. He was her first and only love. Kaya lang, nagbago ang lahat sa isang iglap. Ang mahal in ito ay isang embarrassment para sa kanya. Hindi niya kailanman makakalimutan ang reaksyon nito noon. Nagmistula iyong bangungot para sa kanya.

*You’re the only woman that I’ve ever loved. It’s always been you, Prettie. I’ll do whatever it takes for you to love me again. Just so you wait.*

Napabalikwas siya ng bangon. Naisubsob niya ang mukha sa mga palad. *He’s being ridiculous!* Hindi niya kayang dalhin ang sarili para paniwalaan ito. Pero paano nga kung totoo? Kung sigurong binigyan niya ito ng pagkakataong magpaliwanag, hindi lalala ang sitwasyon nila.



Paano kung siya lang ang walang maintindihan? Maybe it was just a nervous laughter, but he was the one who did something obscure at that point.

*Hmph! Ang pagiging insensitive niya ang dahilan. I can't let myself be annoyed just because I am letting something like that influence me. This isn't love!*

Napabuntong-hininga na lang siya.

Sa pagkalam ng kanyang sikmura ay saka lang niya naalala na hindi pa pala siya naghapunan. Tinatamad na rin siyang magluto. Nakalimutan niya rin na bumili kanina habang papauwi siya. Wala siyang choice kundi lumabas at tumungo sa malapit na convenience store. Tumungo siya sa kusina at tiningnan ang laman ng refrigerator. Mukhang marami siyang kakailanganin.

Dala ang wallet at susi ng bahay, lumabas siya. Sa pagsara niya ng pinto ay siya namang pagbukas ng pinto sa katabing apartment. Lumabas ang isang lalaki. Hindi niya makita ang hitsura nito dahil nakatalikod sa kanya. *Ah, ito marahil ang kapitbahay ko.* “Good evening. Kalilipat ko lang pala rito kahapon. Ikinagagalak kong makilala kayo.”

“Ah, ikaw pala ang bagong kapitbahay ko rito.”

Parang binagsakan siya ng nuclear bomb nang makilala kung sino ito.

“Ah. I get it now. Nandito ka para magpahiwatig ng nararamdaman. You sure change your mind quick.”

“H-hindi ko alam ang ibig mong sabihin. Isa pa, napaka-outrageous ng mga sinasabi mo.” Binuksan niya muli ang pinto at agad na bumalik sa loob. Habol ang hininga, napasandal siya sa pinto.

*Bakit kailangan niyang tumira next to this damn apartment? I cannot believe this! This is bad! I'm too jaded to accept this! Iniisip niya na magsasabi ako sa kanya ng 'I love you' this time around?*

“Over my cold, dead body!”

# Chapter Four



**N**aghuugas siya ng pinagkainan nang makatanggap ng tawag mula sa ina. May dalawang araw na pala ang lumipas. Malamang nag-aalala na ito nang husto sa kanya kaya ito na mismo ang tumawag.

“Hi, Ma.”

“I’ve been waiting for your call,” sabi nito.

“I’m sorry. Naging busy lang agad sa work.”

“Kumusta ka diyan? Kumusta ang trabaho?”

“Okay lang naman. By the way, Ma, may itatanong lang sana ako sa ’yo. Alam mo bang dito nagtatrabaho sa Santa Barbara si Jan?”

Matagal na hindi nakasagot ang ina sa kabilang linya.

“Alam mo, pero hindi mo sinabi sa akin.”

“Baka kasi kapag sinabi ko sa 'yo ay magbago ang isip mo na tanggapin ang trabaho diyan. Bakit, nagkita ba kayong dalawa?”

“Magkasama kami sa trabaho,” pagtatapat niya. “And he’s actually my boss.”

“Really? Oh my!”

“Sa tono n’yo pa lang ay mukhang na-excite kayo nang husto, eh ano?”

“Prettie, hindi ko man alam ang buong pangyayari kung bakit humantong kayo ni Jan sa ganitong sitwasyon, pero magpaganoon pa man, bilang isang ina, wala akong ibang hinihiling kundi ang magkaayos kayo. Kalimutan mo na ang nakaraan, anak. Matagal na iyon at pareho na kayong may panibagong buhay na hinaharap ngayon. Kung ano man ang puno’t dulo ng alitan ninyo, panahon na para ayusin ninyo para pareho kayong maka-move on.”

“I’ll think about it, Ma. I have to go now. Tatawagan ko na lang kayo ulit, okay? Mali-late na ako sa trabaho ko.”

It was not that simple. Hindi iyon isang sulat ng lapis na puwedeng burahin gamit ang eraser.

“Okay. Mag-iingat ka.”

“Salamat.”

Iyon ang bagay na hindi niya masasabi sa ina. Ayaw niya lang na panghimasukan nito ang kanyang problema. Darating din naman ang araw na kapag hindi niya na kaya, nasa tabi lang niya ang ina.

Napalingon siya sa pintuan nang tumunog ang doorbell. Wala siyang inaasahang bisita nang ganitong oras. At sino naman ang bibisita sa kanya gayong wala pa naman siyang pinagsabihan ng address niya?

*Teka!* Naisip niyang baka si Jan iyon. Wala siyang balak na pagbukusan ito ng pinto. Sumilip siya sa siwang sa pinto. Pero hindi niya makita ang bulto ng binata. Babaeng nakatagilid ang nakita niya. Baka iyon ang kanyang landlady.

Binuksan niya na ang pinto. Ngunit hindi niya inasahan ang panauhing sumalubong sa kanya ng yakap.

“J-Jamaica!”

“I missed you, Ate Prettie!”

“It’s nice to see you here. Ano ang ginagawa mo rito? Come on in.” Pumasok silang dalawa sa bahay.

“Binisita ko ang Kuya. Kagabi lang ako dumating. Nang sabihin niya sa akin na dito ka rin nakatira, sobrang na-excite ako. I wanted

to see you kaya lang ayaw niyang gisingin kita. Kaya naghintay ako hanggang mag-umaga. You seem well. Hindi ka ba pinapahirapan ni Kuya sa trabaho?”

“Ah, nasabi niya rin pala sa 'yo ang tungkol diyan.”

“Oo. Hindi nga ako makapaniwala, eh. Naisip ko tuloy na sakit siya sa ulo bilang boss. But then, since dumating ka, everything will be okay.”

“B-bakit mo naman nasabi iyan?”

“Kasi ikaw lang naman ang puwedeng magpatino sa kanya, eh. Naalala ko noon, kahit galit siya, whenever you're around, agad nagbabago ang mood niya. Nakita ko kung paano nalungkot si Kuya noong lumayo ka. Sana maging maayos na kayo.”

Si Jan, nalungkot nang mga panahong wala siya? Totoo ba ang mga sinasabi ni Jamaica?

“Kapag nalaman ni Mama ang tungkol rito, tiyak matutuwa iyon.”

Nahinto ang pag-uusap nila nang may kumatok sa pinto.

“Si Kuya na siguro iyan.” Nagtatatakpong binuksan nito ang pinto. “Ang tagal mo.”

Nakita niya si Jan na nakatayo sa tapat ng pintuan. Napatingin ito sa kanya. “Good

morning.”

“G-good morning.”

“Papasok ka na ba? Sumabay ka na lang sa amin. Ihahatid na muna natin si Jam sa bus station bago tayo dumerecho sa office.”

“S-sure.”



Napansin ni Jan ang pananahimik ni Prettie nang sila na lamang dalawa ang magkasama. Kanina, habang papunta sila sa station ay walang tigil sa pag-iingay ito at ang kapatid niya. Hinayaan niya lamang ang dalawa dahil minsan lamang kung magkita ang mga ito. Ngayong papunta na sila sa opisina, hindi na ito kumikibo. Naintindihan niya na ngayon kung bakit siya nito pinagtaguan noon. Pero bakit kailangang iwasan pa rin siya nito kahit nagkaliwanagan na sila? Women are complicated.

Pagdating nila ay wala pang katau-tao. Sinilip niya ang orasan; maaga pa pala. Dumerecho siya sa opisina niya para iwanan ang mga gamit. Hindi kaya ay napilitan lamang itong sumama sa kanya dahil kay Jamaica?

Hindi naman niya inaasahan na may maagang bibiyaheng bus sa San Nicolas. Inisip niya na baka medyo matagalan sila roon kaya inagahan

niya ang paghatid sa kapatid. *Hindi naman siya nagreklamo kaya malamang ayos lang sa kanya.*

Kumuha siya ng dalawang mug at dalawang sachet ng 3-n-1 coffee. Ipagtitimpla niya na rin ito. Pagkatapos ay tahimik na lumabas siya at tumungo sa cubicle ng dalaga.

Naabutan niyang may ginagawa ito. Inilapag niya ang mug sa mesa nito. “For you.”

“T-thanks.”

Tiningnan niya ang ginagawa nito. Inihahanda nito ang documents for sale ng bagong project. “You sure learn fast,” sabi niya.

“Masyado kasing busy si Christy kaya ayaw ko nang istoryuhin. Tatal naman binigyan niya ako ng guidelines at checklist, pinag-aralan ko na.”

“Hmm...”

“May problema ba d’un?”

“Wala. I’m impressed.” Napangiti siya. Masaya siya na makitang motivated ito kahit ikatlong araw pa lamang nito sa trabaho. “By the way, ngayong gabi ang welcome party, right?”

“Ah, oo.”

“Dapat nandoon ka dahil para naman sa ’yo ’to.”

“Alam ko. Pero hindi naman kasi kailangan pa ng party. Nag-abala pa sila.”



“Masaya sila na gawin ito kaya hinahayaan ko na lang. Do you have plans for tomorrow?”

“Uuwi ako ng San Nicolas.”

“Good. Isasabay na kita. Uuwi rin ako.”

Magkasalubong ang mga kilay na tiningala siya nito. “Hindi na kailangan. Kaya kong umuwi mag-isa. Salamat na lang.”

“I have a car.”

“Magba-bus ako.” Ibinalik ni Prettie ang pansin sa ginagawa.

“I insist.” Minsan ang pagiging stubborn nito ay nagpapakulo ng kanyang dugo. “Bakit ba iniawasan mo ako, ha? Akala ko ba ay maayos na sa atin ang lahat?”

“Hoy, Mr. dela Cerna, marami ang namamatay sa maling akala. At hindi kita iniawasan. Pakiramdam mo lang iyon. Pwede ba, iwan mo nga ako at hindi ako makapag-concentrate sa ginagawa ko. I need some room.”

Napabuntong-hininga si Jan. Ilang sandaling pinagmasdan niya ito. She could still affect him this much. At may mga pagkakataon lang din na hindi niya kayang pigilan ang sarili. “Prettie...” tawag niya rito.

Sa paglingon nito sa kanya ay walang sabing dumukwang siya at hinalikan ito sa mga labi. Sa

pagkabigla ni Prettie ay napatayo ito at walang pagdadalawang-isip na sinapok siya sa ulo. “W-what are you doing?”

“The obvious thing. You were hilariously serious. I just had to break the tension.”

“Stop fooling around! Kapag may nakakita sa atin baka ano pa ang iisipin.”

“So, okay lang na halikan kita basta sa lugar na secure tayong dalawa?”

Pinamulahan ito ng mukha. “D-damn you!”

“You need to stop avoiding me,” sabi niya pa.

“I am not avoiding you.”

“Stop lying. Halatang ginagawa mo ang lahat in order to not be alone with me.”

“You’re imagining it. Why would I need to avoid you?”

Napatitig siya nang husto sa mga mata nito. “Sinasabi ko na nga ba. Nasa isip mo rin iyan.”

“A-ano ang ibig mong sabihin?”

Hindi niya na sinagot ang huling tanong nito at tumalikod na. Prettie’s an open book. Kahit ano pang pagkukubli ang gawin nito, mababasa at mababasa niya ang bawat ikinikilos ng babae. Kilala niya na ito for a very long time. And she’s the type of person who’s not really good at lying.

*I’ll win your heart again. That’s for sure.*



“Welcome to the Zombie Apocalypse Team! Cheers!” Sabay-sabay na itinaas nila ang mga bote ng light beer. Daig pa nila ang nakawala sa bilangguan. Ngayon ay uubusin nila ang panahon sa pagsasaya habang wala sila sa opisina.

Naramdaman niya rin iyon. Para silang ikinulong ng halos siyam na oras o higit pa sa opisina nila mula Lunes hanggang Biyernes. Nagdadalawang-isip siya kung sasama siya sa mga kasamahan dahil alam niyang makakasama rin nila si Jan. Pero nang ipatawag ito para sa isang urgent meeting ay siya na mismo ang nagyaya sa mga ito na agahan na ang party nila. As much as possible, kailangan niyang iwasan ang pagkakataong tanging silang dalawa lamang ang magkasama.

“Alam mo, Prettie, sana lang umabot ka kahit isang linggo lang sa trabaho,” ani Christy na mukhang napadami na ang nainom.

“Bakit naman?”

“Wala talaga kasing nagtatagal sa Procurement, lalong-lalo na sa BAC. Alam mo ba, bago ka dumating ay may dalawang na-hire

for BAC Secretariat. Kinabukasan, hindi na pumasok sa trabaho at nagpasa na ng resignation letter nila. Hindi kasi yata nila kayang i-handle ang pressure sa trabaho. Kaya, I am hoping, hindi lang isang linggo, kundi magtatagal ka talaga. Nakikita ko kasing palaban ka, eh.”

“Bakit mo naisipang mag-apply sa Procurement Unit?” tanong ni Angel.

“Actually, Accountant position ang in-apply-an ko. Hindi ko alam kung bakit ako napadpad sa PU. Nagulat talaga ako noong first day ko. Naisip ko, baka may pagkakamali lang.”

“Ganoon ba? So unhappy ka?”

Umiling siya. “I can’t say kung masaya ako o hindi. Siguro disappointed lang. At first, gusto ko nang mag-back out na lang. Pero naisip ko, kung hindi ko pagbibigyan ng chance ang sarili ko na alamin kung ano ang trabaho ko, nothing will change.”

“Kapag nakahanap ka ng dahilan para mahalín ang trabaho mo, nasisiguro ko, mahihirapan kang talikuran ang nasimulan mo na,” ani Christy. “Ako rin naman, matagal ko nang gustong mag-resign. Paano kasi, purong negative feedbacks ang natatanggap namin mula sa ibang departamento. Pero magmula noong dumating

si Boss Jan, sobrang laki na ng ipinagbago. He really fought hard, hindi lang para sa university projects, kundi sa amin din na subordinates niya. I've been in this job for long at ilang Procurement Heads na ang dumaan, pero si Boss Jan lang ang may lakas ng loob na ipaglaban ang karapatan namin bilang empleyado. Others would treat us as low workers, palagi kaming dini-discourage, pero si Boss ang nagsilbing defense namin. Minsan kasi, mas na-appreciate pa ng karamihan ang finished products. Hindi nila naisip ang mga taong nasa likod ng tagumpay ng projects na inaasahan nila. Nakaligtaan nilang tingnan ang efforts ng lahat behind the scenes, 'tapos magrereklamo pa kung bakit natatagalan gayong puro lang naman sila demand. Kaya si Boss Jan, kapag may dumarating na proposal at atat na atat, sinasabihan niyang sila na lang daw ang hahawak ng bidding.”

“Kaya malaki ang respeto namin kay Boss. Siya kasi ang dahilan kung bakit motivated kami na gawing maayos ang trabaho namin.” Ininom ni Angel ang natitirang laman ng bote. “Other people may find him strict and cruel, but for us, he is the best of the best.”

“Teka, may itatanong ako, Prettie.” Umalis

sa kinauupuan niya si Christy at lumipat sa tabi niya. “May napapansin lang kasi ako, eh. Ewan ko kung ako lang. Pero may relasyon ba kayong dalawa ni Bossing?”

Naramdaman niya ang biglang pag-iinit ng mukha. Sunud-sunod ang pag-iling niya. “W-wala.”

“Hmm?”

“A-ang totoo kasi niyan...” Hindi niya alam kung tama bang ipaalam sa mga ito na matagal na silang magkakilala ni Jan. Baka isipin pa ng mga ito na kaya siya napasok sa trabaho ay dahil dito. Pero siyempre, alam niyang hindi iyon totoo. “Ang totoo niyan, magkababata kaming dalawa ni Jan.”

“Ha?!” sabay-sabay na sambit ng mga ito.

“P-pero wala siyang kinalaman sa trabaho ko. I mean, hindi ko naman kasi alam na sa SBIST rin siya nagtatrabaho. Kagustuhan ko ang mag-aapply at labas na siya roon. Ayaw ko lang kasi na isipin ng ibang tao na backer ko siya or something.”

“Hay naku! Huwag mong isipin iyan. Wala sa amin iyan.” Natigilan si Angel habang nakatingin sa may di-kalayuan.

Inalam niya kung ano ba ang nakita nito.

Ganoon na lamang ang pagkabigla niya nang makita si Jan na papasok at may kasamang magandang babae. Sino ang babaeng ito?

“Boss!” tawag ni Christy rito habang kumakaway. “Nandito kami!”

Tumalikod agad siya nang papalapit na ang mga ito sa mesa nila.

“Kumusta ang meeting?”

“Ayos lang,” narinig niyang sagot nito mula sa bandang likuran niya. “Dumerecho na kami rito kasi kumakalam na ang mga sikmura namin. Mukhang nag-e-enjoy kayo masyado, ah!”

“Sumabay ka mamaya kapag bakante ka na, Bossing, ha?”

“Sure. Excuse us.”

“Mukhang ayaw tantanan ni Miss Melanie itong bossing natin, ah. Sandali lang at o-order pa ako ng beer.” Tumayo si Christy at tumungong counter.

Hindi niya napigilan ang sarili na tingnan si Jan at ang kasama nito na nakaupo sa ikatlong mesa mula sa kanila. Ngayon ay may dahilan na siya upang huwag paniwalaan ang mga sinabi nito sa kanya. He’s a jerk.

*Teka! It’s not that I am affected. Wala akong pakialam kahit sino pa ang kasama niya. I can’t let*

*my emotions run away with me, not anymore.*

“Iyan si Miss Melanie Sy. Siya ang Human Resource Management Officer at nag-iisang anak ng Department of Engineering chairman.” Nagbukas ng isang bote si Angel at inabot sa kanya.

“Salamat.”

“Tamang sabihin na masugid na manliligaw iyan ni Bossing. Wala silang relasyon pero iyon ang nasa isip ng karamihan kasi napaka-clingy ni Miss Beautiful kay Boss Jan. Pero sa narinig ko, they’re good friends. Si Miss Melanie pa nga raw ang nag-recommend kay Boss na pumasok rito sa university.”

Muli ay napasulyap siya sa kinaroroonan ng dalawa. And then, there’s the never before seen reaction on Jan’s face.

*Jan’s laughing? He usually never laughs. I mean, sure he does laugh.* Pero hindi ganoon! Ibig sabihin ba kapag kasama nito ang babaeng iyon ay malaya itong tumawa nang ganoon?

*Well, whatever. It’s no longer my business.*

Napagdesisyunan nina Christy na pumuntang KTV. Pero tumanggi siya. Ipinaliwanag niya sa mga kasama na maaga siyang aalis bukas pauwi sa kanila sa San Nicolas. Naintindihan



naman siya ng mga ito at pinayagang umuwi. Mukhang abala rin naman kasi ang superior nila sa pakikipaglandian sa kasama nito at mukhang walang balak makisama sa kanila.

Nakita niyang tumingin sa kanya si Jan nang papunta na siyang pintuan. Hindi niya ito pinansin at umalis na sa lugar na iyon. Eksaktong may taxi na nakaparada sa tapat ng resto bar kaya sumakay siya agad.

*It's not like me and Jan are anything more than a boss and a subordinate. Hindi ko rin matatawag na magkaibigan kami tulad ng dati. A lot has changed. That's right. Kahit sino pa ang kasama niya, wala na iyong kinalaman sa 'kin.*

Tumunog ang kanyang cellphone. Matapos mabasa ang pangalan ni Jan sa screen ay agad niyang pinatay ang telepono at ipinasok sa bag. Wala siyang ganang makausap ito.

Pagdating sa apartment, dumerecho si Prettie pagligo. Pagkatapos, agad na nag-empake ng gamit na dadalhin niya sa pag-uwi niya bukas. Naalala niya na gusto pala nitong isabay siya sa pag-uwi ng San Nicolas. Pero hindi mangyayari iyon. Tatal wala itong alam kung anong oras siya aalis. Isa pa, wala rin siyang balak na makasama ito.

*You're the only woman I've ever loved.*

“Ahh!” Natapik niya ang noo. Bakit ba hindi maalís sa isipan ang mga binitawan nitong salita? May bahagi sa kanya ang naniniwalang totoo ang lahat ng sinabi sa kanya ni Jan. Pero may bahagi ring pumipigil sa kanyang maniwala dahil baka masaktan lang siya uli.

*Bakit ba kailangang pag-isipan ko pa 'to? No, this isn't love. Sino ba naman kasi ang mai-in love sa isang lalaki nang dalawang beses?*

Kinuha niya ang cellphone sa bag at muli iyong binuksan. Naka-register roon ang ilang missed calls mula kay Jan. Sumunod ang text messages nito. *Kung papansinin ko siya sa mga kadramahan niya, baka iisipin niyang mahal ko pa siya.* Pinatay niya na ang ilaw sa kuwarto at pabagsak na nahiga sa kama.

Akmang ipipikit niya na ang mga mata nang marinig niya ang pagtunog ng doorbell. Malamang si Jan iyon. Hinila niya ang kumot at tinakpan ang buong katawan. Ayaw niyang paglaanan ng panahon ang mga walang kuwentang bagay.